

NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Marso 25, 2019

NOBELA
## PAANO MAABOT ANG LANGIT
Ni NERI JEDELIZ

TULA
## RITWAL AT DALANGIN NG HAMOG
Ni ADRIAN PETE MEDINA

KUWENTO NG LINGGO
## PUWING SA PUWANG
Ni PAT V. VILLAFUERTE

MANILA BULLETIN PUBLISHING
ISSN 1656-98-14
P25

# JANAH ZAPLAN

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# Walang magawa? Bakit hindi asikasuhin ang mga gawaing-bahay?

**Ni ONIL LAVARES**





**H**INDI totoo ang kaisipang walang magawa sa bahay. Sapagkat, napakaraming maaari at dapat gawin sa loob ng tahanan. Wala 'ika ninyong magawa? Subukin kaya nating pagbakasyunin nang kahit isang linggo ang ating kasambahay, at natitiyak kong susuko ang katawan natin sa dami ng dapat agaring trabaho sa bahay.

Huwag na muna nating isama rito ang pag-aalaga ng sanggol o magulang na maysakit at alagain. Ituon muna natin ang ating atensiyon sa mga sumusunod (sakaling tinotoo mga nating pagbakasyunin ang ating kasambahay):

**Ang maglaba**. Sa loob ng isang linggo, naiipon ang labahin kahit dalawa lamang kayong nakatira sa bahay. At kahit sabihin ninyong may *automatic washer* at *dryer* kayo, may pagsasampay pa ring dapat gawin! At pagkatapos nito'y itutupi at isasalansan ang mga damit sa mga tukador at *cabinet*.

**Ang mamalantsa**. Ito na marahil ang pinakamahirap na gawain sa lahat. May nakapagsabing paglabahin mo na ang isang tao ng 10 kumot – huwag lamang siyang pagplantsahin ng isang panyo! Bakit? Sapagkat, ang buong katawa'y nakadarang sa init, at hindi ka makapaliligo at makagagawa ng kahit anong gawaing-bahay pagkatapos mamalantsa!

At ang problema rito'y hindi dapat magplantsa nang paisa-isang T-shirt lang (kailangang magplantsa nang maramihan) sapagkat kung mamamalantsa tayo araw-araw, tiyak na magigitla tayo sa laki ng sisingilin sa kuryenteng ginamit natin!

Ano naman ang dapat gawin matapos mamalantsa? Mismong ang sarili nating katawan ang magsasabi – humiga at magpahinga nang sapat na nakataas ang mga paa!

**Ang mamalengke**. Sa mga hindi mahilig magluto, ang mamalengke ang isa sa pinakainiiwasang gawaing pantahanan, lalo na kung mabaho at marumi ang palengkeng pupuntahan. Sa haba ng panahon ng aking pagiging may-asawa, napag-alaman kong ang pamamalengke at pagluluto ang higit na nangangailangan ng 'experience.' Mahabang panahon ang aking iginugol para matutuhan kong maigi ang pagkilatis ng sariwang isda at karne, ng matamis na pakwan at mangga, at ang tamang pagtawad sa mga tindera!







Mga larawang mula sa Google

**Ang magluto**. Tulad ng pamamalengke, isa sa pinakamahirap ngunit pinakanakasisiyang gawain ang magluto. Maraming karanasan, katakot-takot na "disaster" ang nangyari sa mga putaheng tinangka kong lutuin noong mga unang buwan matapos akong ikasal. (At mabuti na lang, katakot-takot din ang pasensiya sa akin ng aking asawa.) Sa kabutihang palad naman, naging "edible" naman ang mga natutuhan kong lutuin – mga *basic* na putaheng Pinoy (huwag lamang akong paglulutuin ng mga *gourmet o fancy dishes*. Ilaan na lamang natin ito sa mga propesyonal na *chefs*.)

**Ang maglinis ng bahay**. Mapalad ang mga kabataan at kasambahay ngayon sapagkat noo'y kailangang magbunot para pakintabin ang sahig at gumamit ng iskoba o isis para sabunin ito. Ngayo'y mayroon ng *floor polisher* at *vacuum cleaner*. Ngunit, huwag maging kampante – ang gumamit ng *vacuum cleaner* ay hindi rin madali lalo na kung bawat kuwarto ay may *wall-to-wall carpet*.

Kasama sa paglilinis ng bahay ang paglilinis ng banyo at kubeta. Para sa mga hindi sanay, ito ang "most unsavory" sa lahat ng gawaing-bahay, lubha pa kung laging barado ang lababo at inidoro!

**Ang mag-ayos ng hardin at bakuran o likod-bahay**. Kung kayo'y may malalaking punongkahoy sa inyong likod-bahay, trabaho rin ang magwalis ng mga nalalaglag na dahon. (Ngunit, mabuti na lang at ipinagbawal na ang pagsisiga. Bukod sa masama ang usok sa kapaligiran, lubhang nakapipinsala ito sa ating kalusugan.)

Kung may hardin (*lawn*) naman kayo sa harap ng bahay, kailangang gupitin (*trim*) ang *bermuda o carabao grass*, bunutan ng damo at bungkalin ang lupa sa paligid ng mga ugat ng halaman o bulaklak. Huwag ding kaligtaang diligin ito tuwing hapon.

Ito'y ilan lamang sa pangkaraniwang gawain sa loob at labas ng ating tahanan. Hindi pa kasama rito ang pag-aayos ng mga damit at gamit na kailangan nang ipamigay, o mga papeles, dokumento o *files* na kailangang lagyan ng mga *labels* sa loob ng *folders* o *envelopes*, o pagpapaputi ng mga dingding, pagkukula ng ma puting damit o pag-aamirol ng mga punda at kumot.

Mahalaga ang naaagad ang mga pangunahing gawaing-bahay, lalo na ang tungkol sa damit at pagkain. Halimbawa, hindi maaaring ipagpaliban ang paglalaba sa loob ng isang buwan sapagkat ito'y babaho at iipisin!

Kaya, sinumang magsasabing walang magawa sa bahay, siguradong hindi siya sanay gumawa sa bahay o walang interes sa pag-aayos ng tahanan. L

## Paano Maabot

(Mula sa pahina 11)

bata.

"Sige na. Daddy na kung *daddy*!"

Nakangiting hinila ni Angelica si Jasmin na sumunod naman.

"Marco, ano ang ginagawa mo rito?" Hinarap ni Zenaida si Marco.

"Ano pa ba, e, di titingin sa mga *paintings* ko. At titingnan ko rin ang ating mahal na anak."

"Ano ba ang karapatan mong tawagin siyang anak? Nailuwal ko siya at napalaki na wala ka."

"Ngunit ngayon ay naririto na ako. Zeny, nais kong dugtungan natin ang kahapon. Mahal pa rin kita. Hindi nawawala ang pagmamahal ko sa iyo magpakailanman."

"Magagawa mo ba iyon? Kelan ka lang nabalo. Sariwa pa ang alaala ng yumao mong kabiyak. Kung buhay siya, marahil di siya papayag na bumalik ka sa akin."

"Marahil di ka maniniwala kung sabihin ko sa 'yo. Bago si Jane yumao, ipinagbilin niya sa akin na bumalik ako sa 'yo. Pinagpangako niya ako na kung wala na siya, babalik ako sa iyong piling. Iyan ang *wish* niya, ang huling habilin. Alam niya ang ating kasaysayan. Isa siyang matinong babae."

"Kaya nagbalik ka dahil lang sa *wish* ni Jane?"

"Zeny, kung babalik man ako sa 'yo, hindi dahil sa *wish* ni Jane. Kundi'y dahil sa mahal kita talaga. Kahit lumayo ako, di ka nawawala sa aking puso. Ngayon handa na akong pakakasal sa 'yo."

"Matapos mo akong layuan na walang paalam?"

"Totoo. Lumayo ako. Tila tumakas ako. Pero dapat gagawin ko 'yon, upang sa aking pagbalik, maabot na kita."

"Ano ang ibig mong sabihin?"

"Ang tinakasan ko noon ay ang aming karukhaan. Naisip ko noon na hangga't nakabaon ako sa lusak, lalo lang na di kita maaabot. Ang kahalimbawa ko'y lupa at ikaw naman ay langit na mahirap abutin. Langit at lupa ang ating agwat. *You're so near and yet so far*. Kaya nagsumikap ako na magiging kapareho sa iyo ang antas ng buhay upang madali kitang abutin."

"Nagkamali ka, Marco. Kahit parang langit at lupa ang ating agwat, ngunit magiging tulay naman ang ating pag-ibig upang magkatagpo tayo. Di mo lang alam, noon, handa na sana ako bumaba sa lupa upang maabot mo. Ngunit bigla kang nawala."

"Nagkamali nga ako. Ngayon ko napagtanto na ang ating pag-ibig ay walang kinikilalang agwat, langit man o lupa. Mapatawad mo ba ako?"

Lumapit si Marco kay Zeny at kinabig ito. Nang tumingala si Zenaida, nakita ni Marco ang mga luhang naglandas sa mga pisngi nito. Kahit lumuluha si Zenaida, ngunit nakaguhit sa mukha nito ang labis na kaligayahan. Lumuluha ang langit, upang diligin ang lupa. Yumuko si Marco.

Tsup!

**(WAKAS)**

# Janah Zaplan, gustong pagsabayin ang singing at acting

Ni NONIE V. NICASIO

NILULUTO na ang *third single* ng *talented* na *recording artist* na si Janah Zaplan. Bale, ang *third digital single* ni Janah ay pinamagatang *More Than That* na komposisyon ni Paulo Zarate.

Sa ngayon, ang dalawa niyang naunang *single* na *Di Ko Na Kaya* at *Mahal Na Kita* ay kapwa *available* sa iTunes, Spotify, Youtube, Deezer, at Amazon.

Nagkuwento ang 16 *year* na *singer* sa mga *latest news* sa kanya.

"Bukod sa *upcoming single* ko po, *guest* din po ako sa *concert* ni Jasmine Henry *next month,*" sambit ng dalagita.

Ang tinutukoy ni Janah ay ang *The Journey Begins concert* ni Jasmine na gaganapin sa SM Skydome sa April 26, 8 pm. Bukod kay Janah, kabilang sa *special guest* dito sina Dingdong Avanzado, AC Bonifacio, at iba pa.

Nabanggit din ni Janah ang tungkol sa *latest single* niya.

"Iyong *song* po, *it's about sharing to people* na may iba pa sa iyo *about* sa sarili niya po, na hindi lang ako basta-basta… na mayroon pa po akong kayang maipakita at maibigay sa mga tao," aniya pa.

Idinagdag pa ni Janah na ang *latest single* niya ay isang *inspirational song* na makaka-*relate* ang lahat.

Nabanggit din ni Janah na balak siyang i-*relaunch* bilang *singer* ngayong *summer* dahil kanyang lalabas na bagong *single*.

Ayon pa kay Janah, kung mabibigyan ng pagkakataon ay gusto rin niyang sumabak sa pag-arte. *Wish* daw niyang makasama ang mga sikat na *love teams* na tulad ng KathNiel, LizQuen o JoshLia, dahil sobrang mga idol niya raw ang mga ito at parang ang saya na makipagtrabaho sa kanila.

Sa mga *veteran stars* naman daw, sina Vilma Santos at Maricel Soriano ang *dream* niyang makatrabaho.

"Basta po 'yung mga magagaling na artista, pero *to be honest*, kahit sino po *is fine with me*. Gusto ko po kasi sanang ma-*experience* lahat, hehehe, ang taas ng pangarap, e," nakangiting saad pa niya.

Ipinahayag pa ng dalagitang binansagang Millennial Pop Princess na gusto niyang pagsabayin ang *singing* at *acting* kung mabibigyan siya ng pagkakataon.

Ayon kasi sa kanya, ang pagkanta pa rin ang malapit sa puso niya dahil bukod sa *hobby* niya ito, gusto niya itong ginagawa talaga. Bukod pa sa napapasaya niya ang kanyang mga magulang na sina Mr. *and* Mrs. Boyet Zaplan kapag siya ay kumakanta.

Sa ngayon, bukod sa kanyang *singing career,* sa kanyang pag-aaral naka-*focus* si Janah na isang Grade 11 *student* sa O.B. Montessori, Sta. Ana.

"Gusto ko pong kumuha ng Aeronautics sa *college*, kasi *I really love to travel and I would also like to put an end* sa *norm* na puro lalaki lang piloto. Kailangan po na basagin ang *gender roles* pagdating sa *industry* na ito," seryosong pahayag pa niya.

Samantala, labis naman ang pasasalamat ni Janah sa kanyang tatlong *fans club* na Janah Lovers, Janah Charmers at Janahtics. Ipinahayag niya na sila ay kabilang sa mga dahilan kung bakit niya pinagbubuti lalo ang kanyang ginagawa bilang *singer*.

Inspirasyon din daw kay Janah ang mga *fan* niya na walang sawang sumusuporta sa kanya.

"Sila ang naging inspirasyon ko po at nagpapasalamat ako dahil buong puso nila akong minahal, kaya itinatrato ko po talaga sila *as much as possible*-na parang kapatid o kapamilya na," nakangiting sambit pa ni Janah.






Mga Larawang kuha ni Wilson Fernandez



# Richard Quan, sumungkit ng unang Best Actor award after 25 years

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO



Larawang kuha ni Wilson Fernandez

LABIS ang kagalakan ng *veteran actor* na si Richard Quan sa natamong *Best Actor award* sa katatapos na 2019 SingKuwento International Film Festival Manila Philippines na ginanap *last* February 22 sa NCCA Theater, Intramuros, Manila.

Ito ang unang *Best Actor award* ni Richard sa loob ng *25 years* niya sa *showbiz*. Nakamit niya ito para sa pelikulang *Kapayapaan Sa Gitna Ng Digmaan* para sa *period film* ni Direk Nestor Malgapo Jr..

Ang pelikula ay hinggil sa isang *Japanese migrant* na nakapag-asawa sa Filipinas at nagkaroon ng pitong anak. Ito ay isang *true story* at ang pangalan ng *character* niya rito ay si Yoshiaki Muto.

"*Happy to win the Best Actor award*, pero sa una pa lang, tinangap ko 'yung *film* dahil naniniwala ako sa *message* niya. Hindi siya *individual achievement* para sa akin, kasi maraming nag-*sacrifice* sa *production* para magawa 'yung *movie*. Kaya 'yung *Best Actor award* ko ay para sa lahat, *in fact in-offer* at iniwan ko na sa *office* ng *producer* 'yung *trophy last Tuesday, it belongs to everybody,*" pahayag ni Richard.

Itinuturing ni Richard na *dream role* ang ginampanan niya rito. "Iyong Yoshiako Muto na nag-*age* at nabuhay ng ilang *generation is a dream role come true,*" sambit pa niya.

Ang *role* na gusto pa niyang magampanan ay ang papel na maggo-*grow* raw siya bilang aktor. Nabanggit din niya na sobra ang pasasalamat niya na lagi siyang pinagkakatiwalaan ng industriya na gumanap ng mga iba't ibang karakter.

Ito na ang ikatlong *award* ni Richard. Una ay bilang *Best New Actor of the Year* sa *Star Awards* ng PMPC noong 1994 para sa pelikulang *Saan Ka Man Naroroon* ni Direk Carlitos Siguion Reyna, na pinagbidahan nina Dawn Zulueta at Richard Gomez.

Sumunod ay *last year* sa Tofarm Film Festival bilang *Best Supporting Actor* para sa pelikulang *1957*.

Kabilang sa mga artistang gusto pa niyang makatrabaho ay sina Eddie Garcia *and* Nora Aunor. "Nakatrabaho ko na sila, *but I would love to work with them again in a more challenging role* para sa akin," aniya pa.

Ang *wish* ni Richard sa kanyang *career* ay ang ma-*maintain* lang kung anumang mayroon siya sa ngayon, na sana raw hanggang magretiro siya ay patuloy na mabigyan ng mga *challenging* na *characters*.

Sa ngayon ay napapanood si Richard sa *Playhouse* ng ABS CBN *starring* Zanjoe Marudo at Angelica Panganiban. *Plus*, may mahalaga siyang papel sa Cinemalaya *movie* na pinamagatang *Annak Ti Karayan* (*Children of the River*).

## Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"Sama ka, ha? Kami na'ng *date* mo sa Monday…"

"Oo na. Kulit!"

Dala nga niya kina-Lunesan ang pambasa niyang *shorts* at sando nang pumasok siya sa *parlor*. *Gym bag* naman ang nakita niyang bitbit ni Zeny. Pupunta na lang daw roon, kinahapunan, ang maglola.

Hawak sa isang kamay ang apo, may nakasukbit ding bag sa balikat si Aling Elsie. May supot na plastik pang bitbit sa kaliwang kamay na may lamang dalawang pinagpatong na *tupperware*.

"Napaaga ba kami, 'nak?"

"Tamang-tama lang, 'Nay, magsasara na nga kami ni Janno."

Sumakay sila ng traysikel pagkatapos.

Mangilan-ngilan lang ang tao sa *resort*, palibhasa'y may pasok. Tama ang desisyon ni Zeny na ngayong araw mag-*swimming*. Nagpalit sila ng damit-pampaligo. Makulay ang *shorts* na pambasa ni Toby, may *goggles* pa. Si Aling Elsie, nakamahabang *shorts* din at kamisetang walang manggas. Nauna siyang nakapagpalit kaysa kay Zeny.

Nakaupo na siya sa gilid ng *kiddie pool*, pinanonood ang maglolang naglulunoy na roon nang malingunan niya si Zeny na patungo na sa *adult pool*, suot na ang *one-piece bikini* na binili nito *on-line*. Sukat na sukat, hakab na hakab sa makurba pang katawan. Nakita ni Zeny na tinitingnan niya ito, tumayo sa gilid ng *pool*, at palibhasa'y iilan lang ang tao, nag-*pose* nang animo'y kandidata sa *beauty pageant*; kuntodo naka-anggulo ang paa habang nakahawak ang kanang kamay sa baywang, nakataas naman at ikinakaway-kaway ang kaliwang kamay, nakaangat ang baba—*picture perfect!*

Nagkagat-labi si Janno, saka nginitian si Zeny. Natawa sa sariling arte si Zeny, lumakad patungo sa kinaroroonan nila. Hindi hinihiwalayan ng tingin ni Janno si Zeny.

"Seksi!"

"S'yempre. Rumarampa para mapansin at magka-papa!"

Umupo ito sa tabi niya, ikinalawkaw ang paang nakalubog sa tubig habang pinagmamasdan ang anak na sinusubok ang *goggles* sa tubig; hawak ni Aling Elsie sa baywang ang apo.

"Baka makainom ng tubig 'yan, 'Nay, masamid!"

"Pa'no'ng gagawin e malikot!"

Napangiti si Zeny at niyaya siya sa tingin. Tumindig ito at sumunod siya. Nagbalik sila sa *adult pool*, agad na lumusong sa tubig si Zeny, saglit na nagpalutang saka lumangoy patungo sa kabilang dulo. Namalaging nakaupo si Janno sa gilid ng *pool*; pinanonood, sinisipat ang katawan ni Zeny na nakalubog sa tubig. Nakabalik na uli sa *side* niya, nagtatakang hindi siya tumitinag sa pagkakaupo sa gilid ng *pool*.

"O, ano'ng hinihintay mo d'yan? 'Lika na."

Pero nag-aatubili siya. Hindi niya masabi kay Zeny na hindi siya marunong lumangoy. Nakakahiya. Kuntodo naka-*outfit* siya ay nakatanghod lang siya rito at nanonood.

Sumaok ng tubig sa magkabilang palad si Zeny at isinaboy sa kanya. Humagikhik nang mabasa siya.

"'Lika na!" ulit.

Dahan-dahang lumusong si Janno. Mababaw pa, kaya niya. Lumangoy uli si Zeny palayo sa kanya, akala'y susundan niya. Pero, kinakapa ng paa ni Janno ang sahig ng *pool*; unti-unti iyong lumalalim…

(ITUTULOY)

# Ritwal at Dalangin ng Hamog



Habang isinisilang ang araw
Sa silangan, bubuksan ng hamog
Ang mga mata at pahihigpitin
Ng lamig ang bisig na nalanta
Dahil sa kahapong dumaan.
Labimpitong buntonghininga
Ang bibitawan sa malapad
Na mga dibdib saka lamang
Sisimulan ang paghakbang
Sa kayumanggi at matabang lupa.
Malulubog sa kapit ng putik
Ang mga paang binaluktot
Na parang mga kawayan.
Ihahagis ang mga butil sabay hihip
At dalangin mula sa sikmurang
Kumakalam at nangangasim.
Ubo, pawis, at hikahos sa lilim
Ng sikat ng araw ang papatnubay
Sa bawat hakbang ng ritwal
Na isasagawa sa pupunlaan.
Maraming buwan ang hihintayin.
Mga butil ng ulan ang nais
Pumatak sa kakarampot na pangarap.
Ibubuga sa daraang hangin
Ang hininga mula sa dibdib.
Magiging tubig sa palay ang pawis
Na malalaglag mula sa mga bisig.
Pagsapit ng ikasiyam na buwan,
Aanihin na ang gintong lupain,
Ay, natupad nga ang paulit-paulit
Na pagbabantay at paghihintay
Sa inusarang hikahos ng mga dalangin.
Ay, salamat sa Poong ibinigay ang araw
upang patnubayan ang paglalayag.

**- ADRIAN PETE MEDINA**